

**Marso 12, 2026**

*Mahalagang paunawa mula sa Department of Developmental Services tungkol sa:*

# EKSPERIMENTAL NA MGA PINAG-UGNAY-UGNAY NA DAAN SA KARERA – SARADO NA ANG BAGONG PAG-ENROLL AT MGA LIMITASYON PARA SA MGA SERBISYO

C-2026-Trabaho-001

---

## Ang Dapat Malaman

Ang eksperimental na programa ng Coordinated Career Pathways (Pinag-ugnay-ugnay na Daan sa Karera) ay nagkaroon ng isang beses na pagpopondo na \$8.2 milyon. Mas mabilis na ginagamit ng eksperimental na programa ang badyet nito kaysa sa inaasahan. May mga pagbabagong isinasagawa upang patuloy na masuportahan ng programa ang mga taong naka-enroll na.

## Ano ang Magbabago

Simula ngayon, wala nang bagong referral ang magagawa sa programang Coordinated Career Pathways. Ang mga pagbabago para sa mga taong naka-enroll na sa eksperimental na programa ay:

- Ang mga kalahok ay maaaring manatili sa programa nang hanggang **12 buwan sa kabuuan**.
- Ang mga kalahok na mahigit 11 buwan nang nasa programa ay may **30 araw ng kalendaryo** para lumipat sa ibang serbisyo o aktibidad tulad ng Supported Employment-Individual Placement (Suportadong Pagtatalaga ng Indibidwal sa Trabaho), Job Development (Pag-unlad sa Trabaho), at Paid Internship Program (Programang May Bayad na Pagsasanay).
- Maaari lamang itong mapalawig nang hanggang **3 karagdagang buwan** kapag:
  - Inaprubahan ito ng Ehekutibong Direktor ng regional center, at
  - Ang maagang pagtatapos ng mga serbisyo ay makakasira sa tsansa ng kalahok na makakuha ng trabaho o
  - Hindi maaaring makapagsimula sa ibang serbisyong may kaugnayan sa trabaho.
- May mga bagong buwanang limitasyon na ngayon:
  - **Navigator ng Career Pathway:** hanggang 30 oras kada buwan
  - **Espesyalista sa Naka-customize na Trabaho:** hanggang 50 oras kada buwan
- I-update ang mga awtorisasyon ng mga kalahok na kasalukuyang may mas maraming oras kaysa sa mga limitasyong ito.

## May mga Katanungan?

Ang mga indibidwal at pamilya na may mga katanungan ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang service coordinator. Maaaring ipadala ng mga regional center ang kanilang mga katanungan sa pamamagitan ng email sa [EmploymentPilot@dds.ca.gov](mailto:EmploymentPilot@dds.ca.gov).

## Alamin Pa

Bisitahin ang [webpage ng DDS tungkol sa trabaho](https://www.dds.ca.gov/services/work-services/) sa <https://www.dds.ca.gov/services/work-services/>